# INTRODUKSIYON

## PAGPAPAHALAGA KAY ISKA DIPASUPIL: POTENSIYAL AT TUNGUHIN NG NOBELANG PANGKABATAAN

**EUGENE Y. EVASCO**

LUMAKI AKO SA piling ng mga babasahin, dulang panradyo, at pelikulang pantasya. Tampok sa mga ito ang kuwento ng mga multo, white lady, tiyanak, aswang, sirena, at mahihiwagang tauhan gaya nina Zuma, Panday, at Darna. Hinahanap-hanap ko tuwing gabi ang mga kuwentong katatakutan sa radyo. Sa tanghali, kasabay sa pagmemeryenda ang pagbabasa ng mga sinusubaybayang komiks ng pamilya at kapitbahay. Ito ang aking introduksiyon sa pantasya.

Nang maging interes ko sa pananaliksik at malikhaing pagsulat ang panitikang pambata at pangkabataan, binasa ko ang mga premyadong nobelang pambata na nagtatampok ng panitikang-bayan at mitolohiya. Naibigan ko ang *The Sea of Trolls* ni Nancy Farmers na nakabatay sa *Beowulf* at iba pang mga kuwentong-bayan mula sa Scandinavia. Hinangaan ko ang paglikha ni Salman Rushdie sa kanyang *Haroun and the Sea of Stories* na humango ng impluwensiya at inspirasyon mula sa mga alamat ng India at sa mga klasikong pantasyang pambata tulad ng *The Wizard of Oz, Alice's Adventures in Wonderland,* at *The Phantom Tollbooth*. Sa panonood ng mga pelikulang *The Lord of the Rings,* nakita ko ang epekto nito sa maraming manunulat na bumuo ng mahihiwagang daigdig sa kanilang panulat. Mahalagang banggitin ang mga aklat ni Philip Pullman sa kanyang trilohiyang *His Dark Materials* at ang seryeng Harry Potter ni J.K. Rowling.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 8 11/20/2024 8:05:08 AM

Inaral ko rin ang *The Annotated Classic Fairy Tales* ni Maria Tatar. Dito ko natutuhan ang kasaysayan ng mga teksto, ang kahulugan ng mga detalye at ilang materyal na kultura, ang mga bersiyon ng mga klasikong akda sa iba't ibang wika at lipunan, at ang orihinal na teksto bago pa ito pakinabangan para sa komersiyal na pagkukuwento gaya ng Disney.

Sa panonood ko naman ng *Pan's Labyrinth*, napagtanto ko na ang panitikang-bayan ay maaaring gamiting paraan sa pagkukuwento ng malagim na yugto ng kasaysayan ng bansang Espanya sa ilalim ng diktador na si Francisco Franco. Bida sa pelikula ang batang si Ophelia na naranasan ang pagmamalupit ng kaniyang padrasto at pagkakaroon ng engkuwentro sa mahihiwagang nilalang sa laberinto gaya ng fauna at mga fairy. Natalakay ng direktor at manunulat na si Guillermo del Toro na nakatulong sa kanyang pagsusulat ang pagbabasa ng *The Science of Fairy Tales: An Enquiry Into Fairy Mythology* (1891) ni Edwin Sidney Hartland. Aniya, nais niyang magmistulang tunay na fairytale at sinaunang kuwento ang kanyang pelikula.

Sa dami ng mga nobelang pantasya na hango sa mitolohiya, hinamon ako ng *Where the Mountain Meets the Moon* ni Grace Lin. Nakabatay ang nobela sa panitikang-bayang Tsino upang maipakilala sa mga Amerikanong mambabasa. Nagwagi ito ng Newbery Honor noong 2010 kaya lalong lumawak ng distribusyon ng aklat at magkaroon ng representasyon ng pangunahing tauhang Tsino sa isang panitikang fantasy-adventure. Hindi pa uso sa panahong iyon ang panawagang maging diverse ang panitikang pambata sa bansang multicultural gaya ng Amerika. May paunti-unting paglalathala ng mga aklat pambata mula sa mga African-American, Latino, at Asian-American ngunit kulang pa rin ito. Nananatili pa rin ang pamamayani ng mga aklat pambata na nagtatampok ng mga tauhang White o Caucasian. Hindi lamang sa kaniyang mga nobelang pambata, si Grace Lin din ang lumikha ng mga picture book na nagsusulong ng Asyanong representasyon ng panitikang pambata. Sumunod siya sa landas na hinawan nina Ezra Jack Keats at Gyo Fujikawa na gumuhit ng mga bata mula sa iba't ibang lahi at etnisidad sa kanilang mga aklat pambata.

Dahil sa popularidad, isang marketing label na ngayon ang fantasy adventure sa panitikang pambata sa Amerika na nakaimpluwensiya sa paglalathala ng mga aklat pambata sa iba't ibang dako ng daigdig. Sa Pilipinas, hindi na bago ang mga ganitong uri ng babasahin. Ngunit nagkaroon ito ng panibagong interes sa panitikang pambata dulot ng sigla at imahinasyong



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 9 11/20/2024 8:05:08 AM

hatid ng Harry Potter at muling pagsasalaysay ng *Mga Kuwento ni Lola Basyang*. Natipon at naiguhit ang mga mahihiwagang nilalang sa aklat na *Mga Nilalang na Kagila-gilalas* ni Edgar Calabia Samar. Naging sanggunian ng maraming manunulat para sa bata ang *Philippine Folk Literature Series* ni Damiana L. Eugenio. Nagkaroon muli ng demand sa mga pananaliksik at aklat ni Maximo Ramos tulad ng *The Creatures of Philippine Lower Mythology; Philippine Myths, Legends, and Folktales;* at *The Aswang Complex in Philippine Folklore*. Dito humango ng mga tauhan ang maraming manlilikha ng makabagong komiks, animation, at mga popular na babasahin.

Nagkaroon ng mabulas na paglalathala ng mga muling pagsasalaysay (retelling), mga "fractured fairy tale" (isang muling pagsasalaysay na binabago ang ilang elemento ng orihinal na kuwento), at mga orihinal na kuwento na batay sa panitikang-bayan. Masisipat ito sa mga graphic novel ng bansa gaya ng *The Mythology Class* at *Trese*, sa mga picture book, at nobelang pangkabataan nina Segundo Matias, Jr., Edgar Samar, at Will P. Ortiz. Naging hamon sa mga manunulat ng bansa na itampok ang pagka-Pilipino gaya ng pagtatampok ni J.K. Rowling sa identidad at folklore ng Inglaterra sa kanyang mga nobelang pambata. Kung nabighani ang mga bata at kabataang Pilipino sa mitolohiyang Kanluranin, panahon na upang ipakilala sa kanila ang yaman ng panitikang-bayan sa anyong sadyang nilikha para sa kanila—ang mga aklat pambata.

Ang nobelang pangkabataan ni Kim Derla na *Iska Dipasupil Adventures: Ang Nawawalang Kampana* ay bunga ng hikayat at hamon ng mga naunang manunulat. Natatangi ang kanyang akda dahil sa pagtatampok ng isang matalino, matapang, at sensitibong kabataang babae. Sa poetika ng panitikang pangkabataan, napakahalaga ng karakterisasyon ng pangunahing tauhan dahil ito ang inaasahang role model ng mga mambabasa. Mahalaga na makaugnay ang kabataang mambabasa sa mga pang-araw-araw, karaniwan, at kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ng bida. Kailangang makita nila ang kanilang sarili sa kilos, damdamin, ugali, kultura, uri ng pamumuhay, at pakikipag-ugnayan sa pamilya, paaralan, at pamayanan.

Nagsumikap si Derla na itampok ang alamat, kuwentong-bayan, at tagpuang Antipolo sa kanyang proyekto. Ipinagpatuloy at sinariwa niya ang isang bantog na alamat ng Antipolo tungkol sa Hinulugang Taktak na pinagtapunan ng pari ng isang nakabibinging kampana na gumagambala sa pamayanan. Dagdag pa rito ang pagtatampok ng isang bakunawa na may banta sa mundong nilikha ng manunulat. Isang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 10 11/20/2024 8:05:08 AM

sariwang pagsasalaysay ang isinagawa ni Derla na dalhin sa kasalukuyang Katagalugan ang mahiwagang nilalang ng mga sinaunang Cebuano at ng Kanlurang Visayas. Isama pa rito ang iba pang maalamat na nilalang gaya ng bungisngis, tikbalang, siyokoy, at sigbin.

Maipagmamalaki na ang nobela ni Derla ay taliwas sa pangamba ni Terry Prachett na "most modern fantasy just rearranges the furniture in Tolkien's attic." Gayunpaman, nakatuntong ang panulat ni Derla sa pagsisikap at proyekto ng mga nauhang antolohista, folklorist, at mga muling bumuhay ng interes sa mitolohiyang Pilipino. Masasabing kung hindi naisagawa ng dokumentasyon at paglalathala ng mga panitikan buhat sa tradisyong oral, maaaring hindi magtatagumpay at hindi mabubuo ang kanyang proyekto na isa-Pilipino ang isang kuwento ng pakikipagsapalaran para sa kabataan.

May katangiang cosmopolitan si Derla, gaya ng mga nauna at kasabayan niyang manunulat ng mga pantasya para sa kabataan. Kilala niya ang mga Kanluraning kanon ng pantasya at mitolohiya. Exposed siya sa mga nabanggit na tagapagtaguyod ng pambatang pantasya tulad nina JRR Tolkien, CS Lewis, at JK Rowling. Iba't ibang anyo at moda ng pagkukuwento ang nakaimpluwensiya sa kanya. Nakatulong sa kanya ang gradwadong programa ng Malikhaing Pagsulat upang mabasa ang kasaysayan, tradisyon, at iba't ibang kumbensiyon sa pagsusulat sa Pilipinas. Pinagyaman niya ang kanyang sining hindi lamang sa pagbabasa ng mga bestseller at mga aklat na uso at kinagigiliwan ng kabataan kundi ng mga kanon at namumukod-tanging akda sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng bansa.

Sa pamamagitan ng sistematikong pagbabasa ng mga panitikang pangkabataan (young adult literature), natukoy din niya ang mga katangiang mahalaga sa nasabing larangan. Buhat sa *Critical Explorations of Young Adult Literature* (2019), narito ang mga pagtatangka na bigyang-depinisyon ang isang panitikang pangkabataan:

- Mga aklat na pinili ng mga mambabasang edad 12 hanggang 20
- Panitikang isinulat sa para sa kabatang mambabasa edad 11 hanggang 18 na minarkahang "young adult" ng mga tagapaglathala
- Panitikang nagtatampok ng isang kabataan bilang pangunahing tauhan at nakasentro ng banghay sa mga suliranin nito at iba pang kaugnay sa buhay ng mga tinedyer
- Mga nobelang nasa punto de bista ng isang kabataan



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 11 11/20/2024 8:05:08 AM

Mahalaga ang pagpapangalan ni Derla sa kanyang tauhan—Iska Dipasupil. Maaaring nabighani siya sa mga metodo ni JK Rowling sa pagpapangalan ng kanyang mga tauhan sa serye ng mga nobela. Maaaring basahing ang "Iska" ay isang pagkilala sa edukasyong natamo ng manunulat mula sa Unibersidad ng Pilipinas. Tinataglay ng "Iska" ang kahulugang matalinong mag-aaral na itinaguyod ng lipunang Pilipino na mulat at may pananagutan sa kanyang bansa. Buhat naman sa tradisyon ng drama simbolico at mga dula ni Aurelio Tolentino ang pagbibigay ng apelyidong "Dipasupil" sa tauhan. Sa mga dulang ito, agad makikilala ang pagkatao ng mga tauhan batay sa kahulugan ng kanilang mga pangalan.

Bilang manunulat para sa kabataan, itinapok ni Derla ang kultura ng kabataan, ang hamon ng pagiging isang dalagita, at ang mga insidente ng puberty ng isang tindeyer na nasisilip ang mundo ng mga matatanda. Batay sa tradisyon ng bildungsroman, natutuklasan ng kanyang tauhan ang banta at hamon ng buhay. Sa pamamagitan nito, natututuhan niyang tanggapin ang hamon. Nakikilala niya ang kanyang ugat o pinagmulan. Natutuklasan niya ang kanyang kapangyarihan. At haharapin niyang mag-isa ang mga banta ng kadiliman at kasamaan.

Batid ni Derla na ang aliw ng isang panitikang kabataan ay ang pagtuturo at pagpapaliwanag sa kabataan ng mga aral at paraan ng adulting. Hindi kataka-taka na napapagtagumpayan niya ang tungkuling ito. Bukod sa panitikang pangkabataan, nakapaglathala na si Derla ng mga aklat na inspirasyonal, romansa, at popular tulad ng *Paghilom: Mga Tula at Sanaysay; Bakit Maraming Marites?; Pagsibol; Paano Mag-move On?; 13th Prayer; Hugot ng Bitter;* at *After Breakup.* Ipinamalas ng manunulat ang maingat na pagkilala sa kanyang mga mambabasa. Bilang guro ng mga bata, updated siya sa kultura at katangian ng kabataan sa kasalukuyan. Nakatulong sa kanyang pagsusulat ang pakikisalamuha sa kabataan at pagkakaroon ng malapit na kaugnayan sa kanila.

Malay man o hindi, taglay ni Derla ang wika at pulso ng kabataan. Napatunayan niya ito sa pagiging popular sa kabataang mambabasa ng mga babasahing madaling maunawaan, mapaghahanguan ng mga aralin at kislap-diwa sa pang-araw-araw na buhay, may optimistikong pananaw sa mundo, may mga praktikal na payo, at higit sa lahat, makauugnay ang kabataan. Ang kanyang mga akda ay isang imbitasyon sa kabataan na mahumaling, maaliw, at manalig sa pagbabasa. Ang paraan, wika, at paksa ng kanyang panulat ay paraan upang bumuklat



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 12 11/20/2024 8:05:08 AM

Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 13



ng aklat ang kabataang nag-aalangang magbasa. Sa maingat na pagpapalano ng isang nobela, makakapaghatid si Derla ng aliw at ng aral.

Pasan ng nobelang ito ang hamon ng paglikha ng mga aklat pambata at pangkabataan sa daigdig. Itinataguyod na ang mga tauhang makikilala at makikita ng mga mambabasa ang kanilang sarili. Hinihikayat pa ang pagbubuo ng mga babaeng tauhan sa kuwentong kagila-gilalas na pakikipagsapalaran. Kailangan pa ng mga aklat na magsusulong ng mga kuwento at mitolohiya buhat sa katutubong kaalaman at karunungan. At higit sa lahat, dapat pang masundan ang ganitong uri ng malikhaing proyekto na muling magpapabighani sa kabataan sa mayamang tradisyon ng ating panitikang-bayan. Nawa'y ang pakikipagsapalaran ni Iska Dipasupil ay magpatuloy pa sa mga susunod na aklat ng ipinangakong serye.

## Bibliyograpiya


Arre, Arnold. 2005. *The Mythology Class: A Graphic Novel.* Muntinlupa City: Nautilus Comics.

Crowe, Chris. 1999. "Young Adult Literature: Rescuing Reluctant Readers." *The English Journal*, Vol. 88, No.5, pp. 113–116.

Del Toro, Guillermo. 2006. *El Laberinto del Fauno (Pan's Labyrinth)*. Warner Bros. Pictures.

Eugenio, Damiana L. 2009. *Philippine Folk Literature: An Anthology.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Farmers, Nancy. 2006. *The Sea of Trolls.* New York: Atheneum Books for Young Readers.

Larson, Sarah. 2019. "How Gyo Fujikawa Drew Freedom in Children's Books." *The New Yorker,* https://www.newyorker.com/books/page-turner/how-gyo-fujikawa-drew-freedom-in-childrens-books. Inaccess 21 Setyembre 2024.

Lin, Grace. 2009. *Where the Mountain Meets the Moon.* Boston: Little, Brown Books for Young Readers.

Maclear, Kyo. 2019. *It Began with a Page: How Gyo Fujikawa Drew the Way.* Iginuhit ni Julie Morstad. New York: HarperCollins.

Malo-Juvera, Victor at Crag Hill. *Critical Explorations of Young Adult Literature: Identifying and Critiquing the Canon*. London: Routledge.

Matias, Jr., Segundo D. 2014. *Moymoy Lulumboy: Ang Batang Aswang.* Quezon City: Lampara Books.




11/20/2024 8:05:08 AM

Nicholls, Stan. 1993. *Wordsmiths of Wonder: Fifty Interviews with Writers of the Fantastic.* London: Orbit.

Ortiz, Will P. 2015. *Ang Pagbabalik ni Maria Makiling: Unang Aklat.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Rushdie, Salman. 1991. *Haroun and the Sea of Stories.* London: Granta Books.

Samar, Edgar Calabia. 2019. *Mga Nilalang na Kagila-gilalas.* Quezon City: Adarna House.

Tan, Budjette. 2008. *Trese: Murder on Balete Drive.* Iginuhit ni Kajo Baldisimo. Pasay: Visual Print Enterprises.

Tatar, Maria. 2002. *The Annotated Classic Fairy Tales.* New York: W.W. Norton & Company



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 14 11/20/2024 8:05:10 AM